

Bantay Yugto 1

“17 Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin.” (Ezekiel 3:17 KJV)

Ang bantay ay isang tagabantay na sundalo na nakatayo sa kanyang dakong kinalalagyan at nanatiling nagbabantay.

Ang bantay bilang isang kahulugan maaari naming bigyang kahulugang gaya ng mga sumusunod:

1. Ay isang pinatibay na tagapagtanggol: Isang tao na ang trabaho ay upang bantayan ang isang lugar nang mabuti o pinoprotektahan ang isang tao mula sa paglusob. Ay isang pantakip para sa proteksyon, na kumikilos bilang tagapag alaga upang maprotektahan ang isang tao o isang bagay mula sa pinsala sa pamamagitan ng isang bagay na mapanganib o hindi kasiya siya. Siya ay isang responsableng tao at isang bantay na kalasag.

2. Ay isang bantay o isang safeguard, upang maiwasan ang isang bagay na ninakaw, o upang maiwasan ang isang tao na makatakas.

3. Ay isang tao na sinusubukan ang kanyang makakaya upang maiwasan ang kalaban mula sa pagpuntos.

Ang bantay ay hindi isang pangkaraniwang tao:-

A. Ang bantay ay may mga mata upang makakita, at nakikita ang mga bagay na hindi nakikita ng iba. Nakikita niya ang malalim at nakikita niya ang higit pang mga detalye at nakikita niya at natutuklasan ang ilang mga detalye na hindi kayang matukoy ng iba o malaman.

B. Ang bantay may isip na nagsusuri, nagsasaayos, at nag uugnay ng mga katotohanan at naglalabas ng isang desisyon at tamang pagkilos upang matupad ang kanyang mga tungkulin bilang isang bantay.

C. Siya ay isang responsableng tao na nangako sa isang marangal at kritikal na gawain na itinalaga para sa kanya na gawin.

D. Siya ay lubos na alerto at mabilis na nagbababala: mabilis, matakтика at matalino sa pagkilos nang may mas kaunting pagsisikap at mataas na ani.

“6 Ako'y naglagay ng mga bantay sa iyong mga kuta, Oh Jerusalem; sila'y hindi magsisitahimik kailan man sa araw o sa gabi: kayong mga mapagalaala sa Panginoon, huwag kayong mangagpahinga. 7 At huwag ninyong bigyan siya ng kapahingahan, hanggang sa siya'y matatag, at hanggang sa kaniyang gawing kapurihan sa lupa ang Jerusalem.” (Isaias 62:6-7 KJV) * Ang Jerusalem para sa atin ngayon ay ang Simbahan, at tulad noong araw na ang Panginoon ay nagpo post ng mga bantay o bantay sa paligid ng lungsod ng Jerusalem upang protektahan ito, tinawag ng Panginoon ang bawat Kristiyano ngayon na maging tapat at mapagkakatiwalaan na tao na magbabantay at mag aalaga sa iglesia ng Panginoong Jesucristo. * Tulad ng pagkamatay ni Cristo para sa iyong mga kasalanan sa krus upang bigyan ka ng buhay na walang hanggan kung gayon nais niyang maging tapat at masunurin ka sa Kanya upang bantayan at pangalagaan ang Kanyang simbahan. * Habang lumalawak at naaabot ng simbahan ang mga bagong lugar sa ebanghelyo, tinawag ng Diyos ang bawat miyembro ng simbahan na maging mas mature, tapat at responsable. Samakatuwid ay kailangan ng mga bantay sa paligid ng lungsod ng Diyos, ang simbahan, na maging responsable sa pagbabantay at pagbibigay ng babala, mag ulat, protektahan ang mga miyembro ng simbahan at mga manggagawa mula sa kaaway at iligtas ang mga tao mula sa pinsala. Ang mga nakatalagang bantay ay kinakailangan para sa mga sumusunod:

1. Bantayan ang iyong buhay: ***“Magingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo. Manatili ka sa mga bagay na ito; sapagka't sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo.” (1 Timoteo 4:16 KJV)*** Dapat patuloy na basahin ng bantay ang Bibliya upang maitayo ang kanyang buhay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at itama ang kanyang sarili kapag ito'y kinakailangan. ***“22 Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili, 23 Sapagka't kung ang sinoman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan ang kaniyang talagang mukha sa salamin: 24 Sapagka't minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya'y umaalis at pagdaka'y kaniyang nalilimutan kung ano siya. 25 Nguni't ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa.” (Santiago 1:22-25 KJV)*** Ang bantay ay tumitingin nang mabuti sa Salita ng Diys at inilalapat ang kanyang binabasa. Binasa ng bantay ang

Salita ng Dios upang makita ang kanyang buhay at kung siya ay nasa ilalim ng tukso kaya siya ay magdarasal upang mailigtas mula sa masama, “38 *Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman.*” (Marcus 14:38 KJV)

2. *Magbantaya at manalangin: “Manatili kayong palagi sa pananalangin, na kayo'y mangagpuyat na may pagpapasalamat;” (Colosas 4:2 KJV)* Ang bantay ang kanyang mga tainga at mata ay sensitibo sa kanyang naririnig o nakikita at tumugon sa panalangin sa bawat sitwasyon na nangangailangan ng interbensyon ng Dios. “7 *Ngunit ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin.*” (1 Pedro 4:7 KJV)

“36 *Nang magkagayo'y dumating si Jesus na kasama sila sa isang dako na tinatawag na Getsemani, at sinabi sa kaniyang mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang ako'y pumaparoon doon at manalangin.* 37 *At kaniyang isinama si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo, at nagpasimula siyang namanglaw at nanglumong totoo.* 38 *Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at makipagpuyat sa akin.* 39 *At lumakad siya sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.* 40 *At lumapit siya sa mga alagad, at sila'y kaniyang naratnang nangatutulog, at sinabi kay Pedro, Ano, hindi kayo maaaring mangakipagpuyat sa akin ng isang oras?* 41 *Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman.* 42 *Muli siyang umalis na bilang ikalawa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban.* 43 *At siya'y nagbalik na muli at naratnan silang nangatutulog, sapagka't nangabibigatan ang kanilang mga mata.* 44 *At muli niya silang iniwan, at umalis, at nanalangin bilang ikatlo, na sinabing muli ang gayon ding mga salita.* 45 *Nang magkagayo'y lumapit siya sa mga alagad, at sinabi sa kanila, Mangatutog na kayo, at mangagpahinga: narito, malapit na ang oras, at ang Anak ng tao ay ipinagkakanulo sa mga kamay ng mga makasalan.* 46 *Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin.*” (Marcus 26:36-46 KJV) Ilang oras bago ang pagdakip kay Jesus sa mga kamay ng mga nagkanulo, Isinama Niya ang Kanyang mga alagad at umalis kasama niya para sa pananalangin. Paulit-ulit Niyang sinasabi sa kanila na Siya ay ipagkakanulo, aarestuhin at ipako sa krus. Ngunit karamihan sa mga disipulo sa kabila ng lahat na hindi sila umabot sa yugto ng pagtanda upang seryosohin ang babala ni Jesus. Kumuha Siya ng iilan sa kanila at hiniling sa kanila na magbantay kasama Niya para sa mga panalangin, “37 *At kaniyang isinama si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo, at nagpasimula siyang namanglaw at nanglumong totoo.* 38 *Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at makipagpuyat sa akin.*” (Mateo 26:37-38 KJV) Siya'y umalis at nanalangin at ginawa ang Kanyang pangako sa Panginoon, “39 *At lumakad siya sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.*” (Mateo 26:37-38 KJV) Pagkatapos ay bumalik at nakita silang natutulog, at sinawag si Pedro Simon sinasabi sa kanya, “*Ano, hindi kayo maaaring mangakipagpuyat sa akin ng isang oras?*” (Mateo 26:37-38 KJV) Nais ng Panginoon sa kanila na magising at malaman kung anong mangyayari, ngunit hindi nilanaunawaan sa lahat, sa mga bagay na nagaganap sa paligid nila at kung paano kumikilos ang pagtataksil upang salakayin sila. May mga pagkakataon na iniisip natin na ang pagbibigay sa Diyos ng isa o dalawang oras ng ating oras sa Panginoon na ginagawa natin ay pabor para sa Diyos. Ang parehong ng kung ano ang mga alagad ay kumilos sa oras na si Jesus ay malapit nang ipagkanulo. Nag aalala sila na matutulog sila at makakakuha ng kanilang aliw, nang hindi nakikita ang paparating na banta at panganib. Kaya't binalaan sila ni Jesus “41 *Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman.*” (Mateo 26:37-38 KJV) Sinabi Niya sa kanila na ibig ng kanilang espiritu, ngunit ang kanilang laman ay mahina dahil hindi nila handang panatilihin ang kanilang pangako at magdusa kasama ng Panginoon. Ang kanilang laman ay mahina at ayaw nilang gumawa ng isang bagay tungkol dito. Nang sabihin Niya sa kanila, “*Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso*”, Ang ibig Niyang sabihin dito ay kung hindi sila handang baguhin ang kanilang mga lakad, darating sa kanila ang mga tukso, problema at pagkahulog sa kasalanan. *Ito ang mensahe para sa mga taong hindi handang lumabas mula sa kanilang comfort zone at tanggapin na magdusa para kay Cristo.* At alam natin kung paano nahiya ang pag-uugali ng mga disipulo sa oras na inaresto si Jesus. Ang ilan ay iniwan nila ang Panginoon, sila ay nagkalat, at si Pedro ay itinatwa ang Panginoon. *Sa mga hindi handang magbantay at manalangin, sila ay dadaan sa kahiya hiyang bagay na nangyari sa mga disipulo.*

Pagkatapos nito, “42 *Muli siyang umalis na bilang ikalawa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban.*” (Mateo 26:42 KJV) Nagpatuloy si Jesus nang may buong determinasyon, na gawin nang buo ang kalooban ng Dios. Kapag binigo ng mga tao ang Dios at hindi handang sumunod sa nais ng Dios na dumaan sila, nasa Panginoon pa rin ang mga taong handang dumaan dito. Kaya't nang bumalik si Jesus at makita silang natutulog, hindi Niya sila ginising,

“43 At siya'y nagbalik na muli at naratnan silang nangatutulong, sapagka't nangabibigatan ang kanilang mga mata.” (Mateo 26:43 KJV) Hindi Niya sila ginising dahil alam Niya na hindi sila handa, ngunit Siya ay nagpunta at nanalangin ng parehong panalangin at gumawa ng parehong pangako, ***“44 At muli niya silang iniwan, at umalis, at nanalangin bilang ikatlo, na sinabing muli ang gayon ding mga salita.” (Mateo 26:43 KJV)***

“45 Nang magkagayo'y lumapit siya sa mga alagad, at sinabi sa kanila, Mangatulog na kayo, at mangagpahinga: narito, malapit na ang oras, at ang Anak ng tao ay ipinaqkakanulo sa mga kamay ng mga makasalan.” (Mateo 26:45 KJV) Ang kabalintunaan, dito sinabi ni Jesus sa kanila, ***“Mangatulog na kayo, at mangagpahinga.”*** Iyan ay isa pang paraan na pinagsabihan Niya sila. Pagkatapos ay binalaan Niya sila na ang oras ay malapit na, at kung ano ang hindi nila inihanda ay darating sa kanila at hindi sila handa na kasama. Pagkatapos ay sinabi Niya sa kanila: ***“46 Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin.” (Mateo 26:46 KJV)***

Kailangan nating makinig sa babala at magbantay at manalangin. Sa panalangin ay makipag usap sa Dios at marinig sa Dios kung ano ang nais Niyang gawin mo, Sa pagbantay at panalangin at maging handa at alerto para sa mga bagay na nais ng Dios na gawin mo para sa Kanya.

Ang mensahe ng Panginoon sa simbahan ng Sardis ay isa pang babalang mensahe para sa simbahan na magbantay at gawin ang kinakailangan, ***“1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyang akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyang ako sa iyo. 4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5 Ang magtagumpay ay daramtanggayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:1-6 KJV)***

Sa talata 1, sinabi ng Panginoon sa kanila na sila'y patay at hindi buhay gaya ng kanilang pangalan ay nakalagay, ***“na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.”*** Sinabi Niya sa kanila sa talata 2, ***“Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.”*** Kaya dito nais ni Jesus sa kanila na magbantay at pagtibayin ang mga bagay na malapit ng mamatay. Sinabihan Niya sila na ang kanilang mga gawa ay hindi sakdal sa harap ng Dios, Hindi nila ginawagawa ang dapat nilang gawin at hindi nila tinapos ang kanilang mga takdang gawain nang maayos dahil hindi sila nakinig nang maayo sa mg autos at tagubulin na tinatanggap nila mula sa Salita ng Dios. Kaya naman sa talata 3, Ipinaalala Niya sa kanila ang tinanggap nila, ***“Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyang akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyang ako sa iyo.”*** Tinanggap nila ang buong katuruan at lahat ng mga tagubilin ngunit nila ito ipinatupad nang maingat at lubusan sa kanilang buhay. Sinabi Niya sa kanila na balikan ang kanilang natanggap at mahigpit na kumapit sa kanila. Inutusan Niya silang magsisi at ayusin ang kanilang mga gawain at gawin ang tama. Binalaan din Niya sila tungkol sa matatanggap nila kung lalabanan nila ang pagtutuwid; na kung hindi sila mag iingat at magbantay upang gawin ang tama, Siya ay lalapit sa kanila na parang magnanakaw. Ang kahulugan nito na dadalaw Siya sa kanila na parang magnanakaw ay, una, hindi nila malalaman kung anong oras Niya sila hahatulan, at pangalawa, ang pagpunta sa kanila na parang magnanakaw, nangangahulugan ito na aalisin Niya sa kanila ang mahalagang bagay, ang katulad ng ginagawa ng isang magnanakaw ay gagawin niya kapag siya'y dumating upang magwasak.

Sinabi pa Niya sa kanila sa talata 4, ***“Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat.”*** Na hindi dapat nilang isipin na ang Panginoon ay matigas sa kanila sa Kanyang mg autos, dahil may ibang mga tao sa kanila, maging sa Sardis, na pinatili ang kanilang sariling dalisay, na ibig sabihin ay hindi dinumihan ang kanilang mga damit, na hindi sila namuhay sa kasalanan, at sila'y karapat dapat na lumakad kasama ng Panginoon, gaya ng sinabi Niya sa kanila ***“at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat.”***

Sa aking mahal at minamahal: Gagantimpalaan ng Panginoon ang mga nagsisisi at sinimulang sumunod sa Dios, ***“5 Ang magtagumpay ay daramtanggayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa***

harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel,” (Pahayag 3:5 KJV) Silang nagpahayag kay Cristo, at naglingkod sa Kanya nang buong puso at tinupad ang Kanyang Salita ang kanilang mga pangalan ay hindi mapapawi sa aklat ng buhay. Ngunit sa mga nagpatuloy sa kanilang pagsuway at ayaw magsisisi, ang kanilang pangalan ay mapapawi sa aklat ng buhay. **“Anq may pakiniq, ay makiniq sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:1-6 KJV)** Samakatuwid ay maging responsable na ipamuhay at ipamuhay ang lahat ng turo na natanggap mo mula sa Panginoon. Panoorin ang iyong buhay at ang paraan ng iyong pamumuhay ay dapat na naaayon sa Banal na Kasulatan. Magbantay at manalangin upang maitama mo ang iyong sarili habang tumatanggap ka ng tulong mula sa Diyos upang mailigtas mula sa lahat ng tukso. Bantayan ang iyong sarili at patuloy na mamuhay sa kabanalan, upang ikaw ay maging mabunga at epektibo sa iyong paglilingkod sa Diyos, at ang iyong pangalan ay patuloy na nasa aklat ng buhay.

Aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na itunuro sa akin ang tungkol sa bantay at ang mga pananaqutan na inilata sa akin Panginoon salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid, sa pagsasaway at sa pagpapayo na tinanggap naming sa mensaheng ito.

Ipagtapat at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan sa Diyos. Ipagtapat at itakwil ang iyong kapalaluan, ang iyong kasakiman at ang iyong hindi pagmamalasakit sa mga bagay ng Diyos. Ipagtapat ang iyong kamunduhan at ang iyong pagmamahal sa materyal na mga bagay. Ipagtapat ang iyong masamang pangangasiwa at ang iyong pag-aaksaya ng iyong oras sa Media at sa mga kaibigan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng iyong Bibliya at kakulangan ng panalangin. Ipagtapat ang iyong hindi pagpaya sa maglingkod kay Cristo at magdusa para sa kanya. Pinapatawad ako ni Lord, nagsisisi ako sa mga sumusunod na sins_____.

Panginoon ipinaqkakatwala ko ang aking sarili na magpatuloy at maglingkod sa iyo at maging bantay na nais mong ako ay nasa pagmamaisid sa aking buhay at sa pagmamaisid sa mga bagay ng iyong, at sa aking buhay ng mga panalangin. Panginoon bigyan mo ako ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan ko sa aking ministryo upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.

Panginoon patawarin ninyo ang aking mga Kapatid, ang mga nagsisi sa mga kasalanan kapabayaang, ang kawalan ng katapatan, ang kawalan ng pagtitiyaga sa paggawa ng ministryo, ang mga kasalanan ng kamunduhan at ang mga kasalanan ng kawalang ingat. Panginoon dalangin ko na sila ay lumago, maging mature at responsable na maglingkod sa inyo. Lord restore them back to you at gawing magandang patotoo ang buhay nila sa iba na sumunod sa iyo. Protektahan sila ng Panginoon, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan habang patuloy silang naglilingkod sa inyo.

Pagpalain nawa kami ng Panginoon bilang inyong simbahan at ipagkaloob sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy at gumawa ng mga disipulo ng lahat ng bansa. Panginoon paganahin sa amin upang mag-ebanghelyo at upang maabot ang mga nawala at bagong lugar sa Ebanghelyo ni Jesus. Tulungan kami ng Panginoon na magtanim ng mas maraming pag-aaral sa Biblia at ng mga bagong kongregasyon. Patuloy tayong protektahan at ibigay ng Panginoon ang lahat ng ating pangangailangan. Panginoon dalangin namin para sa mas maraming tao na maging tubig Binyag at tumanggap ng Banal na Espiritu Binyag. Panginoon ihanda mo kami sa iyong pagdating upang sumama sa iyo sa iyong pagdating. Panginoon tuparin ang pangitain ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios,' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ng biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com